FACTSHEET 1 MAYO 2009

Mga Karapatan. Paggalang. Pagtitiwala.

Proyekto ng Pamahalaang Victoria ukol sa Paghadlang sa Pang-aabuso sa Nakatatanda

Ano ang pang-aabuso sa nakatatanda?

Ang pang-aabuso sa nakatatanda ay anumang pagkilos na nakakapinsala sa mga nakatatandang tao at isinasagawa ng sinumang kakilala nila at dapat na mapagkakatiwalaan, katulad ng pamilya o mga kaibigan.

Ang ganitong pinsala ay maaaring pinansiyal, sikolohikal, pisikal, seksuwal, o sosyal, kabilang ang pagmamaltrato at pagpapabaya.

Ipinakikita sa mga pag-aaral na nasa pagitan ng 1 at 5 porsiyento ng mga nakatatandang tao ang dumanas ng ilang uri ng pang-aabuso o pagpapabaya. Ang anumang uri ng pang-aabuso ay lubos na hindi katanggap-tanggap.

Ang pang-aabuso sa nakatatanda ay malamang na maging mas madalas at lantad dahilan sa tumatandang populasyon at tumataas na bilang ng mga taong may demensya.

Mga uri ng pang-aabuso

Ang pang-aabuso sa nakatatanda ay nakakaapekto sa buong komunidad at maaaring mangyari sa lahat ng bahagi ng lipunan, anuman ang lokasyon, kalagayang panlipunan, pang-ekonomiya at pangkalusugan, edad, kultura, kasarian, seksuwal na pagkakakilanlan, etnisidad o relihiyon.

Napag-alaman sa pananaliksik na:

- Ang pampinansyang pang-aabuso ay isa sa pinakakaraniwang mga uri ng pang-aabuso
- Ang ibang uri ng pang-aabuso ay kadalasang may kasamang pampinansyang pang-aabuso
- Ang mga nakatatandang kababaihan ay dalawa o tatlong beses na higit na malamang na dumanas ng pang-aabuso kaysa sa mga nakatatandang kalalakihan
- Ang mga anak na lalaki at mga babae ay pinakamalamang na may pananagutan sa pang-aabuso.

Ang pampinansyang pang-aabuso ay ang ilegal, hindi tamang paggamit o maling pangangasiwa ng pera ng isang tao, mga pinagkukunan ng pinansya, ari-arian o iba pang mga pag-aari.

Sino ang kadalasang may pananagutan sa pang-aabuso sa nakatatanda?

Ang pang-aabuso sa nakatatanda ay maaaring mangyari sa ilang hanay ng mga relasyon at mga kapaligiran ngunit napag-alaman sa pananaliksik na ito ay mas malamang na ginagawa ng isang malapit na kamag-anak.

Sino ang mas malamang na dumaranas ng pang-aabuso?

Ang mga nakatatandang kababaihan ay dalawa o tatlong beses na mas malamang na dumaranas ng pang-aabuso kaysa sa mga nakatatandang kalalakihan.

Paano tumutugon ang Pamahalaang Victoria

Ang Pamahalaan ay may pangako para sa pagtataguyod at pagsuporta sa kaligtasan, dangal at pagsasarili ng mga nakatatandang taga Victoria.

Ang mga nakatatandang tao ay may karapatan – katulad ng mga tao sa lahat ng hanay ng edad – na mabuhay nang ligtas sa kanilang sariling mga tahanan, malaya sa karahasan, pang-aabuso, pagpapabaya at pagsasamantala.

Ang Estratehiyang nauukol sa Paghadlang sa Pang-aabuso sa Nakatatanda ng Pamahalaang Victoria ay kinapapalooban ng pagtutulungan ng mga kagawaran ng pamahalaan, mga tagapagbigay serbisyo at komunidad.

Kabilang sa mga inisyatiba ang:

- Pangkalahatang pangkomunidad na edukasyon na nagbibigay-diin na ang pang-aabuso sa mga nakatatandang tao ay hindi katanggap-tanggap
- Pagpapalakas ng kakayahan ng pinondohang mga tagapagbigay-serbisyong pangkalususugan at pangkomunidad na mag-subaybay sa mga paghihinala o mga alegasyon ng pang-aabuso sa nakatatanda.
- Pagtatatag ng espesyalistang mga serbisyong pambatas at pagtataguyod upang tumugon sa mga komplikadong mga pangangailangan ng nakatatandang tao, kabilang ang mga taong mula sa ibat ibang kultura at lengguwahe at mga Katutubo.

A Victorian Government initiative

Victoria The Place To Be

FILIPINO

Mga Karapatan. Paggalang. Pagtitiwala.

Proyekto ng Pamahalaang Victoria ukol sa Paghadlang sa Pang-aabuso sa Nakatatanda

Ang kahalagahan ng pagbibigay kapangyarihan

Ang lahat ng mga matatanda, anuman ang edad, ay may karapatan para sa sariling pagpupunyagi at gumawa ng kanilang sariling mga desisyong batay sa impormasyon. Ito ang dahilan kung bakit ang pagbibigay ng kapangyarihan ay ang susi sa paghadlang sa pang-aabuso sa nakatatanda.

Saan ka maaaring makakuha ng tulong?

Itinatag ng Pamahalaan ang Seniors Rights Victoria. Ang libre at kompidensyal na serbisyong pantelepono at pagpapayo sa buong estado ay naglalayong tumulong na mahadlangan ang pang-aabuso sa mga nakatatandang tao at ipagtanggol ang mga karapatan, dangal at pagsasarili ng mga nakatatandang taga Victoria.

Ang Seniors Rights Victoria ay nagbibigay ng:

- linyang pantulong para sa impormasyon at reperal
- pagtataguyod at suporta
- payong pambatas
- pangkomunidad at pangpropesyonal na edukasyon.

Ang serbisyo ay tumutulong nang direkta sa mga nakatatandang tao na tumatawag para sa pagpapayo at representasyon at pakikipagtulungan sa mga propesyonal na nangangasiwa sa mga kapakanang pampinansya, pangmedikal at pambatas ng mga nakatatandang tao.

Ang mga nakatatandang tao na dumaranas ng pang-aabuso ay maaari ding matukoy sa pamamagitan ng pamilya, mga kaibigan o mga tagapagbigay serbisyo.

Ang Seniors Rights Victoria ay maaaring kontakin sa **1300 368 821** mula alas 10n.u. hanggang alas 5n.h. Lunes hanggang Biyernes.

Sa pamamagitan ng internet:
www.cotavic.org.au/seniors_rights_victoria

Kung ikaw o sinumang kakilala mo ay nasa kagyat na panganib, tumawag sa 000.

Sino ang namamahala sa Seniors Rights Victoria?

Ang Seniors Rights Victoria ay pinondohan ng Pamahalaang Victoria sa pamamagitan ng Office of Senior Victorians at Victoria Legal Aid.

Ang Seniors Rights Victoria ay isang partnersyip na pinamunuan ng Council on the Ageing kasama ang Public Interest Law Clearing House, Eastern Community Legal Centre at Loddon Campaspe Community Legal Centre.

Ang Seniors Rights Victoria ay gumagana mula sa kalagitnaang Melbourne, gayundin sa mas labas na silangang bahagi ng Melbourne at Bendigo. Itinatatag ang mga libreng klinika upang matiyak ang mas malakas na pag-iral nito sa kabuuang Victoria.

Karagdagang impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa pagkilos na ginagawa ng Pamahalaang Victoria upang mahadlangan ang pang-aabuso sa nakatatanda, mangyari lamang na bisitahin ang website na: **www.seniors.vic.gov.au**

A Victorian Government initiative

Victoria The Place To Be